Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-4 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-25 NG HULYO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----------- Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio
Igg. Jose Antonio V. Lava
Igg. Aron Ronald R. Cruz
Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Rchie E. San Jose
Igg. Miguel Leonardo (SK)

**LAHAT AY DUMALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 07 - 2022

**KAPASIYAHANG BAYAN NA HUMIHILING KAY CONGRESSMAN DANNY A. DOMINGO KINATAWAN NG UNANG DISTRITO NG BULACAN NA MAPAG KALOOBAN NG BAGONG BARANGAY HALL ANG BARANGAY TIBIG, SA BAYAN NG BULAKAN.**

May akda : Igg. Jose Antonio V. Lava

**SAPAGKAT,** ang barangay hall sa barangay Tibig sa bayan ng Bulakan ay may kalumaan na, may maliit na espasyo at nasa tabi ng ilog na madalas ay lubog sa tubig baha. Kaya't ito ang dahilan kung bakit nangangailangan ng bagong "barangay hall" ang barangay Tibig para sa mga lingkod barangay at mga mamamayang nasasakupan nito;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang estado ng kapaligiran at epektodulot ng "global warming" ang palagiangpagtaas ng tubig o pagbaha sa barangay Tibig ay kinakailangan na ilipat sa mas mataas at maayos na lugar ang magiging gusali o "barangay hall". Sa pagtaas din ng tubig o palagiang pagkakababad sa tubig alat ng kasalukuyang gusali ay nag dulot ng pagkapugnaw ng mga konkretong dinding at pagkalawang ng mga bakal at yero, kaya't nakakapangamba na rin ang pisikal o "structural integrity" ng nasabing gusali kaya't may dagliang pangangailangan;

**SAPAGKAT,** sa pagdaan ng panahon ay lumaki na ang populasyon ng barangay Tibig at madami ng mga pinaglilingkuran. Dahil dito ay mas kinakailangan ng mas malaki at mas maayos na pasilidad upang makatugon sa bagong hamon ng paglilingkod sa barangay;

**SAPAGKAT,** ang inyong lingkod kasama ang Pamahalaang Barangay ng Tibig ay nagkakaisa para mapabuti ang paglilingkod sa barangay sa pamamagitan ng pagbibigay ng maayos na pasilidad para sa kapakinabangan ng lahat;

**SA MUNGKAHI NI** Igg. Aron Ronald R. Cruz na Pinangalawahan at pinagtibay ng mga kasangguning dumalo;

**IPINASYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasya Na Ang Kapasiyahang Bayan Na Humihiling Kay Congressman Danny A. Domingo Kinatawan Ng Unang Distrito Ng Bulacan Na Mapag Kalooban Ng Bagong Barangay Hall Ang Barangay Tibig, Sa Bayan Ng Bulakan.

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan